

# Magtipid ng tubig: Libreng mga aparato, serbisyo at rebates

Mahalaga ang tubig. Masinop ang aming mga customer sa paggamit ng tubig, at nakakatulong ito sa atin para masulit ang ating mga supply ng tubig.

Para sa mga mas makakatipid pa ng tubig, narito kami para tumulong. Nag-aalok kami ng mga rebate, insentibo, serbisyo, at tool para tulungan ang lahat ng residente at negosyo na maabot ang kanilang mga layunin sa pagtitipid ng tubig.

## Sa loob:





Mag-sign Up para sa **Water-Wise na Konsultasyon sa Telepono o Video**: Tumukoy ng magagastos na tagas, at makatanggap ng mga naka-personalize na tip sa kung paano mas makakatipid ng tubig.

Makatanggap ng **Mga libreng device na tipid sa tubig** gaya ng mga aerator, showerhead, hose nozzle, standard toilet flapper, at marami pa.

Palitan ang lumang inodoro nang **libre**

Checklist ng pagtitipid ng tubig para sa inyong **bahay** o **negosyo**.

Mga Washer Rebate sa mga kuwalipikadong modelo na tipid sa tubig: mga rebate na **$100 para sa mga residential-grade na washer** at **hanggang $5000 para sa mga commercial-grade na washer**.

**Kumuha ng $100 na rebate sa isang hot water recirculation pump**. Bawasan ang mga oras ng paghihintay para sa mainit na tubig upang makatipid ng oras at pera.

## Sa labas:





Mag-sign up para sa **Mga Water-Wise na Pagsusuri sa Landscape**: i-maximize ang katipiran sa tubig sa inyong landscape at sistema ng irigasyon

Mga Rebate para Mag-irrigate mula sa isang **Rain barrel o cistern**. Alamin ang higit pa sa aming **San Francisco Rainwater Harvesting Manual (Manual ng San Francisco sa Pag-iipon ng Tubig-ulan)**.

Tubig mula sa paglalaba ninyo gamit ang isang **Laundry-to-Landscape graywater kit** at ang aming **San Francisco Graywater Design Manual (Manual ng San Francisco para sa Disenyo ng Graywater)**.

Maging **Water-Wise na Hardinero gamit ang aming Water-Wise Gardening Guidebook for San Francisco (Gabay sa Water-Wise na Paghahardin para sa San Francisco)** at **Garden Workshops (Mga Workshop sa Paghahardin)**


Mga grant para sa **mga metro ng irigasyon para sa pangkomunidad na hardin** at mga grant para sa **mga retrofit sa pagtitipid ng tubig** para sa malalaking landscape.



# Mga Tool na Puwede Ninyong Gamitin at Mga Kinakailangan sa Pagtitipid

## Mga Tool na Puwede Ninyong Gamitin






Mag-sign up para sa **MyAccount**: subaybayan ang data ng paggamit ninyo ng tubig at bayaran ang inyong bill online.

Ayusin mismo ang mga tagas gamit ang aming **DIY na aklat ng gabay**. Ang mga pagtagas ay puwedeng magdulot ng pagkasayang ng libo-libong galon ng tubig, pagtaas ng bill, at posibleng pagkasira ng ari-arian. Nagpapadala kami ng **mga alerto ng tagas** sa mga customer na may tuloy-tuloy na paggamit ng tubig.

**311** Mag-ulat ng Nasasayang na Tubig. Maaksaya ba kayo sa tubig? Alamin ang tungkol sa mga permanenteng **Paghihigpit sa Pagkasayang ng Tubig**.

## Mga Kinakailangan sa Pagtitipid ng Tubig



### Mga Kinakailangan Para sa Labas

Ang mga bago o na-remodel na landscape na may sukat na 500 talampakang kuwadrado o higit pa ay kailangang makasunod sa **ordinansa ng Water Efficient Landscape (Landscape na Tipid sa Tubig)**. Dapat maglagay at magpanatili ang mga proyekto ng mga tipid na sistema ng irigasyon, mga halamang tipid sa tubig, at kailangang makasunod ang mga ito sa isang taunang badyet sa tubig.



### Mga Kinakailangan Para sa Loob

Ayon sa **Ordinansa ng Residential Water Conservation (Pagtitipid ng Residensiyal na Tubig** at **Ordinansa ng Commercial Water Conservation (Pagtitipid ng Komersiyal na Tubig)**, kailangang kumpunihin ng mga may-ari ng ari-arian ang mga tagas sa mga tubo at palitan ng mga modelo na tipid sa tubig ang mga lumang inodoro, urinal, showerhead, at gripo na maaksaya sa tubig.



San Francisco
Water Power Sewer
Services of the San Francisco Public Utilities Commission

## Alamin ang higit pa sa: sfpuc.org/savewater
## Water Resources Annual Report


**Email: waterconservation@sfwater.org**
**Telepono: 415-551-4730**

I-follow Kami sa @MySFPUC


# Mga Water-Wise na Tip

- Isara ang gripo kapag nagsisipilyo, nag-aahit, o naghuhugas ng mga pinggan.
- Gamitin nang puno ang inyong clothes washer at dishwasher.
- Kumpunihin o iulat kaagad ang mga tumatagas na bahagi ng tubo.
- Iulat ang mga nasasayang na tubig sa pamamagitan ng pagtawag sa 311 o pagbisita sa **SF311.org**.
- Palitan ang mga maaksayang inodoro, urinal, at washing machine.
- Gumamit ng mga tipid sa tubig na showerhead at aerator.*
- Mag-sign-up para sa Water-Wise na Pagsusuri.*
- Gumamit ng walis sa halip na hose kapag naglilinis ng semento.
- Iwasang mabasa ng irigasyon ang mga hardscape.
- Magdilig mula 8 pm hanggang 10 am para mabawasan ang ebaporasyon.

*Makukuha nang libre sa SFPUC.

Hunyo 2023